*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# LITURGY OF THE HOURS

## PANALANGIN SA TAKIPSILIM

Ika-20 ng Mayo, 2025

{ Ika-5 Martes sa Panahon ng Pagkabuhay ng Panginoon }

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ay mamatay kasama ng PANGINOON,
Mabubuhay din tayong kasama ang PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ma'y nagtiis kasama ng PANGINOON,
Tayo ri'y maghahari kasama ng PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kalungkutan;
Nasa kanya ang lahat maging ating kagalakan.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kaligtasan;
Nasa kanya ang lahat maging ating pagmamahal.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay

At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Ang paghahari ng Diyos ngayon ay nagsimula na, at ang kapangyarihan ay ipinagkaloob kay Kristong hinirang niya, aleluya.

*Salmo 20*

*(Panalangin para sa tagumpay ng hari)*

O dinggin ka nawa ng PANGINOON tuwina
Kung ikaw'y sapitin ng hirap at dusa!
At ang Diyos ni Jacob ingatan ka sana.

Magmula sa templo, sana'y bigyang tulong
At itaguyod ka magbuhat sa Sion!
Ang handog mo nawa ay kanyang tanggapin,
At pahalagahan haing susunugin.

Nawa ang hiling mo ay kanyang ibigay,
At sa panukala'y laging magtagumpay.
Sa pagwawagi mo kami ay sisigaw,
Ang dakilang Diyos ay papupurihan;
Nawa'y tanggapin mo ang 'yong kahilingan,
Biyayang kaloob niyang katugunan.

Ngayon ko natalos na Diyos ang may bigay,
Sa piniling hari, ng kanyang tagumpay!
Siya'y tinutugon noong kalangitan,
Laging kinukupkop, pinagtatagumpay.

Mayroong umaasa sa karong pandigma,
At may sa kabayo naman ang tiwala;
Ngunit ang sa ating matibay na kuta,
Ay kapangyarihan ng Diyos na dakila!
Sila'y manghihina tuluyang babagsak,
Tayo ay tatayo't hindi matitinag!

Pagtagumpayin mo ang hari, O Diyos;
Tugunin mo kami sa aming pagluhog!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang paghahari ng Diyos ngayon ay nagsimula na, at ang kapangyarihan ay ipinagkaloob kay Kristong hinirang niya, aleluya.

*Antipona 2*

Hinawakan mong muli ang kapangyarihang likas na sa iyo; itinatag mong muli ang kaharian mo, aleluya.

*Salmo 21:2-8, 14*

*(Pasasalamat sa tagumpay ng hari)*

O PANGINOON, dahilan sa lakas mong bigay,
Ang hari'y nagagalak sa kanyang tagumpay.
Binigyan mo siya
Ng lahat ng kanyang mga kailangan,
At iyong dininig, kanyang kahilingan.

Dinalaw mo siya
Na ang iyong taglay ay gintong korona,
Iyong pinagpala't pinutungan siya;
Hiling niya'y buhay
At iyon ang iyong ipinagkaloob,
Buhay na mahaba't walang pagkatapos.

Pinadakila mo nang iyong tulungan,
Naging bantog siya't makapangyarihan.
Iyong pinagpala
Ng pagpapala mong walang katapusan,
Nagagalak siya sa iyong patnubay.

Sa Kataas-taasan
Siya'y nagtiwala; sa pag-ibig ng Diyos,
Ang paghahari niya'y walang pagkatapos.
Halina, O PANGINOON,
Iyong ipadama ang lakas mong taglay,

Magdiriwang kami at mag-aawitan!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Hinawakan mong muli ang kapangyarihang likas na sa iyo; itinatag mong muli ang kaharian mo, aleluya.

*Antipona 3*

Ang buong sangnilikha ay maglingkod sa iyo, sapagkat ang lahat ay nalikha sa pamamagitan ng salita mo, aleluya.

*Awit: Pahayag 4:11; 5:9, 10, 12*

*(Himig ng Pagliligtas)*

Aming PANGINOON at Diyos!
Karapat-dapat kang tumanggap ng papuri,
Paggalang, at kapangyarihan;

Pagkat ikaw ang lumalang sa lahat ng bagay,
At ayon sa iyong kagustuhan,
Sila'y nilalang mo at pinananatili.

Ikaw ang karapat-dapat na kumuha sa kasulatang nakalulon
At sumira sa mga tatak niyon.

Sapagkat pinatay ka, at sa pamamagitan ng iyong kamatayan
Ay tinubos mo para sa Diyos ang mga tao,
Mula sa bawat lipi, wika, bayan, at bansa.

Ginawa mo silang isang liping maharlika
At mga saserdote para maglingkod sa ating Diyos;
At sila'y maghahari sa lupa.

Ang Korderong pinatay ay karapat-dapat
Na tumanggap ng kapangyarihan,
Kayamanan, karunungan, at kalakasan,
Papuri, paggalang at pagdakila!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang buong sangnilikha ay maglingkod sa iyo, sapagkat ang lahat ay nalikha sa pamamagitan ng salita mo, aleluya.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*1 Pedro 2:4-5*

Lumapit kayo sa kanya, sa batong buhay na itinakwil ng mga tao ngunit hinirang ng Diyos at mahalaga sa kanyang paningin. Wari'y mga batong buhay, maging sangkap kayo ng isang templong espirituwal. At bilang mga saserdoteng nakatalaga sa Diyos, maghandog kayo sa kanya ng mga haing espirituwal na kalugud-lugod sa Diyos dahil kay Hesukristo.

*Tugunan*

Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

— Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

Nang ang Panginoong muling nabuhay ay kanilang nakita,

— aleluya, aleluya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Manalig kayo: ang pag-alis ko'y sa ikabubuti ninyo, sapagkat hindi paririto sa inyo ang patnubay kung hindi ako aalis, aleluya.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Manalig kayo: ang pag-alis ko'y sa ikabubuti ninyo, sapagkat hindi paririto sa inyo ang patnubay kung hindi ako aalis, aleluya.

## Pangkalahatang Panalangin

Sa kanyang pagkabuhay, binigyan ni Kristo ng matatag na pag-asa ang kanyang bayan. Manawagan tayo sa kanya nang buong puso:

— Panginoong muling nabuhay, dinggin mo kami.

Panginoong Hesus, dumaloy ang dugo at tubig mula sa iyong sugatang tagiliran,
gawin mong ang Simbahan ay maging iyong walangdungis ng kasintahan.

— Panginoong muling nabuhay, dinggin mo kami.

Punong Pastol, pagkaraan ng pagkabuhay, itinalaga mo si Pedro bilang pastol ng iyong kawan nang italaga niya sa iyo ang kanyang pagmamahal,

dagdagan ang pag-ibig at kabanalan ni Papa N. sa araw-araw.

— Panginoong muling nabuhay, dinggin mo kami.

Ipinakita mo sa iyong mga alagad kung paanong makahuli ng isda sa dagat,
isugo mo ang iba upang ang kanilang gawain bilang mamamalakaya ng tao ay patuloy na maganap.

— Panginoong muling nabuhay, dinggin mo kami.

Sa baybayin ng dagat, inihanda mo ang tinapay at isda para sa iyong mga alagad,
huwag nawa naming pabayaan ang iba na mamatay sa kagutuman.

— Panginoong muling nabuhay, dinggin mo kami.

Hesus, ang bagong Adan at Espiritung nagbibigay-buhay,
panibaguhin ang mga yumao ayon sa iyong larawan,
upang mapasakanila ang kaganapan ng iyong kaligayahan.

— Panginoong muling nabuhay, dinggin mo kami.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Amang makapangyarihan,
tanawin nawa naming may pag-asa
ang aming pagkabuhay,

sapagkat bilang mga anak,
kami'y iyong hinirang at ipinauli
ang galak ng aming kabataan,
sa pamamagitan ni Hesukristo,
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA

*www.ebreviary.com*